ng panitikan sa kagagawan ng ilang patnugot na lalong tumpak na maging bodegero kaysa maging bigayan ng mga katha. Ang mga bagay na mahalaga sa sining ay sadyang hindi kayang unawain ng masa. Kung kayang tahuin ng mga hangal ang mga lihim ng sining, wala nang nakababagot sa buhay na ito na di katulad ng sining.

Ang kagandahan ng sining ng pagsulat ay nakabitin sa katotohanang hindi lahat nang marunong bumasa at nakapangangahas humukom sa mga maiikling kuento o tula, ay marunong umunawa at malugod sa kariktan ng isang tunay na likhang-sining. Lahat nang bagav na maganda sa sining ay kamuhimahi sa mga karaniwang mangbabasa—walang say-say sa mga taong, dahil sa malaking kamalian ng mga pangyayari, ay nalagay sa gayon o ganitong pasulatan upang humatol sa mga kathang sapagka't sinulat ng mga nakauunwa ay hindi nila nauunawaan.

Mangmang ang mangangathang sumusulat nang may pakikibagay sa publiko. Sukat ang malamang ginugunita niya ang publiko sa kanyang pagsulat upang matiyak na siya'y salot sa panulatan. Ang mga manunulat at makatang lumiligaw sa mga papuri ng mga karaniwang mangbabasa ay mga taong sa halip na magkautak ay nagkaroon lamang ng mga daling malalakas hahawak ng panitik at kaipala'y malalakas mamar-tilyo sa makiniya.

*"Indeed, the moment that an artist takes notice of what other people want, and tries to supply the demand, he ceases to be an artist... 'ang sabi ni Oscar Wilde. At ganito ang dapat mangyari, pagka't ang publiko'y walang namumuwangan pagdating sa mga bagay na makasining. Si Oscar Wilde din ang may sabing, "They are continually asking Art to be popular, to please their want of*

*(Nasa d. 24 ang karugtong)*

August 16, 1936

# Tagahawan Ng Landas

*Maikling maikling Kuento ni CLOUDALDO DEL MUNDO*

Apat na pu't limang kilometro mula sa lungsod ng Maynila patungong hilaga, ay naroroon at payapang nakahimlay ang bayan-bayanang Palanas. Ang humigit-kumulang sa tatlong libong mamamayan nito ay maminsan-minsan lamang kung mabawasan sapagka't ang mga kinapal na iyon ay tila mandin walang bahala sa ano mang nangyayari sa ibang panig ng daigdig. At ka-kaunti ang mga kaluluwang naliigaw sa landas na tungo doon sapagka't ang Palanas ay walang pangakit na maaaring makahalina sa mga pusong mapaglagalag at mapagsapalaran.

Sa ilang kaluluwang iyan nabibilang si Padre Elias; hindi sapagka't siya'y mapaglagalag at mapagsapalaran, kundi, sapagka't siya'y hindi makasusuway sa kapasiyahan ng mga kapangyarihang nagdala sa kanya doon. Ang Palanas ay mabuti nang pangmantalang parokya kaysa maging isang alagad ng relihiyon na walang sariling simbahan.

Nang dumating sa Palanas si Padre Elias ay walang kataotao sa simbahan. Nagtuloy siya sa kumbento at doo'y natagpuan ang isang matandang siyang pinakunong sakristan. Nagpakilala si Padre Elias.

Kinaumaghan ay nagmisa ang bagong kura. Noon ay ganap nang ika-6 ng umaga. Maliban sa kay Padre Elias, sa matandang sakristan, at sa tatlo pang mga "manang", ay walang kalamandalaman ang simbahan.


—Talaga bang ang mga tao dito'y hindi nagiukol ng kahit ilang sandali para sa Diyos?— ang tanong ni Padre Elias sa matandang sakristan pagkatapos ng misa.

—Sila po'y tanghali na kung magsigising, among,—ang tila nahihiyang sagot; at sa marahang tinig ay idinagdag ang:—Mga tamad pong magsibongan nang maaga.

—Kung ganoon ay ipasabi mo sa lahat na mula bukas ay gagawin kong a las siete ang umang misa arawaraw.

—Nguni't among!... Hindi po kaya maging mahirap iyan para sa inyo?

—Nalalaman ko... nguni't sabihin mo rin sa kanila ang aking gagawin.



Nang sumunod na mga araw ay sa tuwing ikapito na ang unang misa sa Palanas; nang unang araw na gawin ito, ay naging lima ang dati'y tatlong nagsipakinig ng misa; nang sumunod na araw ay naging sumpu; nang ikatlong araw ay hustong dalawangpung katao ang laman ng simbahan.

Nguni't hindi pa rin nasiyahan si Padre Elias: hindi nga naman maaaring ikasiya ang pagkakaroon ng loob sa Diyos ng wala 'pang tatlongpung tao ng isang bayan na kinadoreonan ng humigit-kumulang sa tatlong libong kuluwa. Walang nagpapakasal. Walang patay na ipinapasok ng simbahan. Bakit nagwawalang-bahala ang kalakhang bahagi ng mga taong iyon?

Minsan pa'y nagusisa si Padre Elias sa matandang sakristan.

Nagpaliwanag naman ang matanda.

—Kayo po ang unang paring Filipino na dito napadako,—ang pagtatapat,—ang mga nauna sa inyo ay mga Belga, mga Aleman at kung anoano pa. Lahat sila ay paraparang nagsiligpit sa simbahang; mayroon at walang mag-simba ay maano sa kanila—patuloy sila sa pagmimisa. Ang mga taong-bayan nama'y ganoon na rin ang naging pangtugon—hindi rin po nila pinansin ang simbahan.

—Kung ganoon, ang mga tagarito'y talagang walang kusang paglapit sa Diyos?

—Hindi po naman among. Ang madalas pong mangyari'y lalo silang lumalayo sa simbahan kay sa lumalapit dito.

—Bakit?

—Marahil po'y bunga ng di pagkakawatasan. Ang inyong hinalinhang pari ay laging ligalig sa kanyang pagtulog sapagka't binabato po ang kumbento.

—At bakit naman binabato?

—Ang pinagmulan po'y ganito: may isang patay na batang hinangad pong idulog sa simbahan ng kanyang magulang bago tuluyang ilibing; at ipinakiusap sa pari na sa halagang piso ay patutugin ang mga kampana paglapit na sa simbahan. Nguni't hindi po pinayagan ng pari.

—Iyon lamang ang dahilan?

—Iyon po lamang among.

Mga ilang araw pa, pagkatapos ng usapan ni Padre Elias at ng matandang sakristan, ay may nagsadyang dalawang ibig pakasal sa simbahan; at ang kabayangan limang piso ay ipinakiusap sa pari.

—Magkano ba naman ang tala-gang bayaran sa pagkakasal dito?—ang nakangiting tanong ng pari sa sakristan.

—Ang karaniwan po'y ito. Ang halagang sampung piso'y siya. (Nasa d. 23 ang karugtong)

# Ang Pamumuna At Ang Pinupuna Sa Panitikang Tagalog

Sinulat ni TEODORO A. AGONCILLO



Ang pamumuna ay bahagya pa lamang naguugat sa ating panitikan. Ang ikaunlad ng sining na to'y napasasailalim ng kakayahan ng mga may hilig sa sining na ito, sa kalagayan ng pagiisip ng mga mangbabasang tumatanggap ng mga bungang hinog o biglaw na idinudulot ng mga manunuligsa, at sa kalaungan ng pagiisip ng mga patnugot ng ating mga pahayagan.

Ipinanganganiba ko na sa ating panitikan ay matatagalang, kung hindi man, ang pagunlad ng sining ng pamumuna. Sa dahilang ang mga pinupuna ay walang sapat na kalaparan ng pagiisip, at an*o* ikalawa'y marami sa ating mga patnugot ang sumasansa sa hangad ng mga kritikong paunlarin ang ating panitikan. Marami sa ating mga patnugot ang nagkukunwang may malasakit sa ating wika, at to'y pinatotohanan nila sa pamamagitan ng maraming lathala na hindi man lamang sinusuri ang uri ng mga inilalathala, at si pamamagitan ng mga pilnik, sayawan, t<sup>i</sup>mpa'ak-kagandahan na anaki baga'y nasusukat ang kaya-manan ng sang wika sa mga gan- yang karangyaan.

Marami din naman sa ating mga manunulat na pinupuna ang hindi nakauunawa ng tunay na kahulugan ng puna. Sa ganang k<sup>n</sup>ila, ang punahin ay isang kasawiang hindi mapaparam. Sa ganang kanila ang kahulugan ng puna ay payak na papuri, pawang pag'alagay ng

mababangong bulaklak sa kanilang landas na tinatahak. Nguni, hindi nila nababatid na kung pawang bulaklak ang isasabog sa kanila ay hindi sila matututo kailan man. Ipinakakamali ng mga taong iyan ang puna sa kanilang katha sa pagtuligsa sa kanilang pagkatao.

Sa lathala kong ito ay aking tutuligsain ang mga nagpapanggap na may toleransiya nasa kanila raw, bago kung tunay na pagliliim-iin ay isang mait'm na damit lamang na bumabalot sa kanilang egoismo at kakitiran ng pagiisip at nalalaman sa literatura at sa iba pang bagay.

Marami sa ating panitikan ang aking pinagpipitaganan, nguni't ang paggalang na ito'y isinasajig ko sa kanilang mahusay na katha. Marami din naman and hindi ko iginagalang, hindi sapagka't sila'y hindi karapatdapat igalang kundi manapa'y wala silang tum-pak na pagkilala at pangdama (proper attitude). Hindi lamang iyan. Marami ang nagsasabing, sila'y may bukas na pagiisip, tumatanggap ng ano mang puna, at kumikilala ng nagagawa ng isang manunu<sup>ng</sup>gsa, nguni, sa kabilang mga paglilingkod-labing iyan ay lumalabas din, sa malao't madali, ang tunay n<sup>i</sup>lang sarili. Sila'y maha-lintulad ko kay Dr. Jekyl at Mr. Hyde ni Stevenson, o kaya'y kay Tartuffe ni Moliere. Ang bagay na to'y isang napakalungkot na kahanhamakan, sapagka't hindi ang madla ang kanilang nililinlang kundi ang kanila na ring sarili.

\* \* \*

Bagay sa panayam ni G. Jose Ma. Rivera na napalatha'a sa lingguhang Mabuhay noong Hunyo ng taong ito....

Makapagtuturo sana ng mara-ming bagay si G. Rivera sa kan-

yang panayam na yaon kung pinagaralan niyang mabuti ang bawat katagang binitiwan niya. Dulo: inihayag lamang niya ang kaliitan ng kanyang nalalaman sa literatura at sa sining. Hindi lamang iyan ang aking napapansin sa panayam ng maginoo ng Tundo: hinanakit sa mga pumuna sa kanya ang ipinagkagayon ng Ama ng Huseng Sis'w. Nguni, sa halip na makapagtanggol sa kanyang sarili ay lalo niyang inilantad ang kanyang kurokuro sa matutulis na ulos ng panunuligsa.

Tinanong tayo ni G. Rivera ng: "ano ang tunay na kahulugan niyang tinatawag na PUNA o TULIGSA?" Alamin ninyo, gil'w na mangbabasa, na tunay na kahulugan ang nais maalamang ni G. Rivera. Sinagot niya ang tanong na iyan nang pahalaw sa talatinigan Kastila:

"CRITICA: (Del griego)  
Arte de juzgar de la bondad,  
verdad y belleza de las cosas."

Ang kahulugang inilahad ni G. Rivera ay kahulugang talatinigan at hindi ang tinatawag na "literary definition". Ang kahulugan ng "puna" sa talatinigan ay makitid at hindi malawak. Ang katagang "critica" o puna, kapag ito'y ginagamit sa literatura, ay hindi sa talatinigan kinukuha ang kahulugan, sapagka't ang ibinibigay nito'y yaong tinatawag na "literal meaning", kundi sa mga bagay at katangian ng isang katagang ibig maunawaan. Samakatuwd, ang lathat nang katangiang taglay ng isang kataga ay iniipon, at ang mga katangiang hindi tinataglay ay inihiihiwalay. Dapat alamin nino man na ang katagang "puna" ay may malawak na kahulugan. Gayari ang sinabi ni Prop. James Marvin Cull sa kanyang aklat na pinamagatang Expository Writing:

"...criticism is the attempt to estimate the worth of something—object or idea—either abstractly on the basis

(Nasa d. 23 ang karugtong)

## KASAYSAYAN . . .

(Karugtong ng nasa d. 18)

ta sa pintura na katulad ng ating mga Juan Luna, Resurreccion Hidalgo at ang kasalukuyang guro na sina Fabian de la Rosa at Fernando Amorsolo. Ang pangarap niyang makarating sa Itallya upang makapagpadalubhsa sa sinning na ito, ang lagi nang nasasambit niya kay Amparo.

—Kung ako'y magtagumpay sa tim-pasak na iyon, ang kapalaran ay lalapit sa akin sapagka't ang magtagumpay ay siyang ipadada ng ating pamahalaan bilang pensionado sa Itallya. Ako'y nakatitiyak na ang aking likhang-sining na ito ay wala nang makapantay sapagka't ang salamisim na iyong ibinigay sa akin ay napakadikila. Ay....! Gaano kayang kiligyan, Amparo, ang aking matatamo kung magkatotoo!

—Armando... pinahihirapan ang aking puso ng mga damdamin... damdaming ayaw pumayag na ikaw ay mawalay sa akin. Hindi ko nais na ikaw ay malayo! —At isinubsoob nito ang mukha sa dibdib ni Armando.— Talagang ayaw kong mahiwalay sa iyo.

—Mahal kong Amparo.... —At ibinangon ni Armando ang mukha ni Amparo na ang mga mata'y dinadatalyan ng luha.

Hindi na makapangusap si Armando sapagka't ang matang iyon ay may ipinakikiusap sa kanya... naki-kiusap ang mga matang iyon na parang takip-silim ang kalambutan ng liwanag. Mahahabag ang kanyang puso at sa bugso ng damdamin ay parang halimuyak ng bulaklak na kanyang lalanghapin ang bango ng mga labi ni Amparo. Nakalilimot si Amparo sa mga kalupitan ng, buhay... sa dulo ng kanyang pananaw ay nakabubo siya ng isang pangarap na likha ng maapoy na pagنانasa sa kaganapan ng kanyang mga panagimpan, at sa kanyang puso ay parang malinaw na tubig na maglalagos ang damdamin na nagpupuyos at may nasang makipagtapo sa kapuwa ng damdamin. At kung makatighaw na ang puso'ni Amparo sa gayong bugso ng damdamin ay parang batang musmos na magtagtong kay Armando.

—Ako ba'y iiwanan mo?—na ang mata'y nakatitig pa rin sa mukha ng lalaki.

—Ifasama kita saan man ako makarating! Sa langit kung iyan ang ninanasa mo, hindi kita pinbabayaan na angkinin pa ng iba, inagsasama kita saan man ako makarating! Sasama ka ba sa akin?

Mga marahang tango na lamang ang

## ILAW NG TAHANAN

*Langit ang tahanang ang Ilaw'y maningning**Pagka't abot-masid sa laot ng dilim;**Ang sungit ng Gabi'y di makapagsakim,**Dahil sa Liwanag na ayaw antukin.**Anhin mo ang isang gusaling mataas,**Kung dukha ang Ilaw na kukurapkurap;**Ang kubo sa nayo'y hamak na kay dilag,**Kung may lihing talang Sulo sa magdamag....**Tinghoy ma't ang ringas ay hindi malamlam,**Hibla ng silahis ng bukang-liwayway;**Liwanag na laging pinananabikan**Ng matang sinawi ng luksang karimilan.**Sa tahanan natin: ang Ilaw'y Babai,**Patnubay sa yilad ng isang Lalaki;**Birheng lumilikha ng Dangal at Puri,**Inang lumalalik ng Diwang bayani.**Mapalad ang isang pugad ng Pagibig**Na magkabituing matulad sa langit....**Sayang at kay aba ng dampang sumungit,**Sala ng babaing kulang na maysakit.*

ENRIQUE C. AGLEHAM /

Isabel, Sampalok

isasagot ni Amparo, marahang tango, na ang mata'y nakasulyap nang boong kariktan sa kasuyo na para bang ang ibig sabihin na ang gayon ay kasinungalingan lamang. Magkakatamang muli ang kanilang mga pananaw at sa isang iglap ay magkakayakap silang dalawa nang mahigpit, na ang mga labi ay naghahanapan ng kanikanilang angking katamisan.

Naramdaman ni Amparo ang pahigpit na pagigot sa kanyang baywang ng mga kamay ni Armando. At saka ang untiunting pangluluwag nito... at makaraan ang ilang sandali ay unti-until ring napahandusay sa tabi ng kabalyete. Naglumuhanan si Amparo na kasabay ang pagluhot.

—Bakit, Armando, napapaano ka, minamahal ko? Bakit?

—Wala... naliligayahan lamang ako sa aking nalikhang litarawan mo.—At ngumiti nang tuyot si Armando. Ipinikit ang mga mata na parang natutolog.

Nabasa ng luha ang pisngi ni Armando. Si Amparo ay walang malamang gawin, naririyan ang yakapin ang katawang wala nang init ni Armando, lagdaan ng halik ang maputila nang mga labi nito at haplusaplusin ang buhol na bahaga ang pagkakulot. Ngunit si Armando ay nakatahanan na sa ating daigdig.

Mula noon, naging ugali na ni Amparo ang tugtugin sa kanilang piyano ang walang kamatayang tugtugin ni Abelardo na Pahimakas na helcs nakkisabay sa pagkapawi ng mga himig ang pamamaalam ng mga bahid na ginto sa pisngi ng langit. Kaligayahan na niya ang gunitain ang kanilang maliligayang sandali ni Armando sa pamamagitan ng tugtuging ito, na siyang nagpapalimot na siya'y isang sawi sa pagibig.

WAKAS

## TAGAHAWAN NG...

(Karugtong ñg nasa d. 20)

pong sinisingil sa pinakamarangal na kasal.

—Kung gayo'y tanggapin mo ang limang piso at ihanda ang simbahan para sa isang maringal na kasal.

Hindi tumutol ang matandang sakristan.

Nang kinagabihan ng araw na idaos ang "pinakamarangal na kasal" sa Palanas ay naulinigan ni Padre Elias mula sa kumbento, ang pagkakaingay ng ilang kataong nasa may patyo ng simbahan. Ang matandang sakristan ay kanyang pinatawag at ito naman, katulad ng dati, ay nagpaliwanag:

—Sila po'y mga lalaki sa kabayan. Sa palagay ko po'y gusto nilang kayo'y makausapusap.

Mula noon, sa gabigabi halos ay may nagsasadyang mga pulutong ng kalalakihan ng Palanas na kausapusap si Padre Elias. Ang pari'y nakikipagpalitan ng kurokuro. Samantala'y lumalaki nang lumalaki ang bilang ng nagsisipagsimba.

Ilang araw pa, sa patyo ng simbahan ay nagpatayo ng isang palaruan ng tenis ang kura. Ang mga kabataan ay pinaan-

## ANG PAMUMUNA . . .

(Karugtong ñg nasa d. 21)

of principle and relations, or personally on the basis of our reactions to the subject of criticism".

Ang kahulugang inilahad ni Prop. Curl ay totoo kahi't saang wika. Hindi dapat imatuwid nino man, lalonglalo na yaong nahasa sa Kastila, na ito'y pang-Inggles lamang; na, ang kahulugang Kastila o Intsik o Aleman, Prances ay iba kay sa Inggles. Hindi! Hindi nagkakaiba ang kahulugan. Ang nagkakaiba ay ang wika o paraan ng pagpaliwanag.

Ang puna, gaya ng aking nailiham kay G. Santos bilang sagot sa kanya, ay may tatlong uri: una, yaong tumutukoy sa mabuting ba-

yayahang magsipaglaro doon. Kadalasa'y nakikita pa ang Padre Elias na nakikipaglaro ng tenis. Untiunti nga namang kumapal ang bilang ng mga taong naakit sa paligid ng simbahan...

Nguni't isang gabling madilim... Si Padre Elias ay nagtatapos na noon ng kanyang dasal bago patuluyang matulog, nang mula sa labas ay may kaluskos na nakatawag ng kanyang pansin. Lumapit siya sa durungawan at sa pamamagitan ng plaslait ay pinatamaan ng liwanag ang pinaghinalaang pinagmumulan ng ingay. Napatambad sa kanyang paningin ang isang lakaling sa kanyang inaanyo, sa may harapan pa naman ng bantayog ng "patrona" ng Palanas, ay totoong kamuhimuhi. Ubos la-kas na sumigaw si Padre Elias:

—Ikaw, hay! walang pitagan, lapastangan! Lumayo ka ngayon din at kung hindi ay pasasabugin ko ang bao ng iyong ulo!

Hindi pa natatapos sa kanyang ginagawa ang nagtitahanang lalaki ay dalidali itong umalis sa patyo. Ang matandang sakristan na nakarinig din sa sigaw ni Padre Elias ay dili ang hindi

hagi lamang ng isang katha, kuro o bagay; pangalawa, yaong bumabanggit sa masamang bahagi lamang at pangatlo, yaong naglalahad ng mabuti't masamang bahagi ng isang katha, kuro o bagay. Ang puna, bukod sa uring inihayag ko sa itaas nito, ay may dalawang sangay: ang pangboo at ang panggiba. Nguni, sa aking paghabasa ng mga puna ng ating mga kritiko ay wala akong nalalaman mapanggiba, gaya ng bulag at walang katuwirang paratang ni G. Rivera.

"At, ang paksa nga ng panyay kong ito'y ang nauukol sa kasalukuyang Panunuligsa o Pamumuna (aywan kung bakit malaking titik na "P" ang ginamit ni G. Rivera, bagay na

pinanghilakbutan sapagka't na-gunita niyang iyo'y maaaring pagkasanhian ng muling pagilap ng sana'y umaamo nang mga tao.

Kinabukasyay nagsadya kay Padre Elias ang isang kilalang mamamayan. Nabalitaan diuman ang pagmumura ng kura. Nais niyang malaman kung ano ang sanhi.

—Nais ninyong malaman kung bakit—ang mataatag na tugon ni Padre Elias,—kung sakali kaya ng sa gitna ng inyong tahana'y tumayo ako at doon *magbawas*, ay hindi kayo magagalit?

Hindi nakahuma ang pinagsabihang

At noon di'y nalaman ng boong bayan ang tunay na kadahilanang pagsisiklab ni Padre Elias... kadahilanang hindi naman mapupwing sapagka't nasa matuwid. Mula nang maganap ang munting pangyayaring iyon ang hinihintay ng matandang sakristan na "pagbato sa kay Padre Elias," ay hindi na dumatingdating— at sa halip pa nga'y langlong dumagsa ang mga pumapansok sa simbahan na nakikinig ng misa.

ito'y maling-mali at walang katuwirang magkagayon!) na KINAHUMALINGAN ngayon ng ilang nagkakanlong sa saligang ibig na makabuo, nguni't sa halip na bumuo ang ginagawa'y iniwawasak na pilit pati ang matibay na haligi ng panitikang Tagalog na naggugol ng hindi iiisa ni sampung taon sa pagsisikap na mapatibay ang sariling gusali ng ating Panitikan'.

Ang pagmamatuwid na ito ni G. Rivera ay ang tinatawag sa logica na circulus in probando, isang uri ng pagmamatuwid na tiwalingtiwali. Ang pagkagamit ng kata-gang nahumaling, bukod sa masamang balarila, ay hindi tumpak. Sinundan ni G. Rivera ang nahu-

(Nasa d. 25 ang karugtong)

### KAILANGAN . . .

(*Karugtong ng nasa d. 19*)  
*taste, to flatter their absurd vanity, to tell them what they have been told before, to show them what they ought to be tired of seeing... NOW ART SHOULD NEVER TRY TO BE POPULAR.*

Sa Ingglatera at maging sa alin mang bansa, ang lalong dakilang likha ng sining ay yaong hindi man lamang pinagkaabalahanang tingnan o basahin kaya ng publiko. Ang bagay na sadyang kaa-kitakit sa sining ay hindi dapat hintaying kagiliwan ng mga taong liban sa mga hubad na titik ay walang nakikita sa isang akda.

Sa isang tunay na mangangat-ha ay hindi nakababagabag ang mga panunudyong bayan. Si Schopenhauer ang nagsabing lahat nang mga dakilang bunga ng kaisipang makasining ay hindi kinalulugdan ng bayan. At mang-yari pa nga bang hindi ganito: ang mga artista ay may pananaw na nakapaglalagos sa tabla—ang mga mangbabasang kinagigiliwan nating tawaging bayan ay may mga matang sa malamig na mukha lamang ng buwan ay hindi makatitig: ang balat lamang ng mga bagay ang naaapuhap ng kanilang mga paninig.

Ang mga palakpak ng publiko'y totoong mapanganib para sa mga alagad ng sining—ang mga palak-pak na iyan ang kailan man ay hindi dapat hangarin ng isang manunulat at makata. May makapangyarihang lakas ang mga papuri ng publiko,—bakit wala? Naitataas ng mga papuring iyan ang isang alagad ng sining sa nakalululang kaitaasan ng dala-hirang kamangmangan.

Ang "EDMUND" ni Thackeray ay magandang tinig ng sining. Sinulat niya ang "EDMUND" upang masiyahan siya—hindi upang masiyahan ang publiko. Subali't ang kanyang "PENDEN-NIS", "PHILIP" at pati na ang kanyang "VANITY FAIR" ay

naging sahol sa kagandahanhing ikinatatangi ng *arte*, pagka't sinulat niya ang tatlong huli upang maging mabait sa kanya ang masa. Nagtagumpay si Thackeray. Naging mabait sa kanya ang masa, datapuwa't inirapan at nilabian naman siya ng sining na kanyang kinasangkapan upang malapit siya sa puso ng mga karaniwang mangbabasa.

Si George Merlelith, bantog na nobelistang Inggles, kailan man ay hindi nagpakaabala sa pagalam kung ano ang ibig ng publiko. Sumulat siya sa wagas na kasiyahan ng kanyang sarili. Nakalito sa publiko ang kanyang malalalim na pagpapahiwatig. Bi-nigyan niyang ganap na kahulungan ang mga lihim ng buhay. At sangayon sa isang lalong naka-kikilala kay Meredith, sa pasimula'y walang ibig tumunghay sa kanyang mga sinusulat. Iyon ay hindi nakabahala sa kanya. Makaraan pa ang ilang taon, may mangilan-ngilan nang bumabasa ng kanyang mga katha. Iyon ay hindi nakapagbago sa kanya. Nang maglaon, hindi na mabilang ang kanyang mga tagahanga. Nanatili rin siyang katulad ng dati.

Kabaliwan ang pagbibigay ng mga manunulat at makata sa bayan ng mga bagay na naibigay na. Binibitay nila sa ganyang paraan ang mga kahiwagaan at kariktan ng sining. Sa tunay na artista, ang mga bagay na nalikha na'y mga bagay na tapos na. Lahat nang dakilang katha ay dapat maging pasimula ng iba namang dakilang katha. Iyan ang kaibhan ng *arte* sa mga gawain ng mga mekaniko: ang kagandahan ng sining ay ang kanyang kawalangwakas. Totoo: ang lalo mang matanda at luma nang bagay ay maaaring pagandahin ng dalubhasang panitik, lalong wasto ay ng panitik ng isang *genio*. Ngunit sa siyam bawa't sampung pagkakataon, kaya ay hindi *genio*.

Ang sining ng pagsulat ay hindi dapat ipailalim sa mahalagang batas ng mga ekonomista: kahilingan at pagbibigay ("Demand and supply"). Ibinibigay ng sining ang mga bagay na hindi hinihiling ng publiko. Kapag walang tutugunan ang mga *artista* kung hindi ang mga kahilingan at "kaprito" ng publiko, ang mga artista ay magiging "puppet-men" o "titiriteros".

Sa panulaang Inggles ay nagkaroon ng mga "ode", "lyric", "ballad", "sonnet", at kung ano pang tula, hindi sapagka't isaisang hiningi ng publiko ang mga iyan. Mga makatang lagi nang nagtutumiad sa pagabot sa mga lalong dakilang kaitaasan ang lumikha ng mga tulang iyan. Mula sa nobela ay nagkaroon tayo ng mga kwentong maiikli, hindi sapagka't nainip ang bayan sa nobela at humanap ng kwentong maiikli. At nagkaroon din tayo ng mga kwentong maikling maiikli, hindi sapagka't ito'y hiningi ng publiko sa mga kwentista. Dating at dating ang iba't ibang hugis ng *automobil*, hindi sapagka't ang mga hugis na iya'y hiningi ng publiko.

Karapatang dapat samantalahanin ng mga *artista* ang pagdudulot sa bayan ng iba't ibang kagandahanhing nagagawa ng sining. Ang publiko'y walang nalalamang hiningin. Ang publiko ay katulad lamang ng isang alulod ng bahay na kung ano ang nahuhulog mula sa itaas ay siyang tinatanggap. Katungkulang ng mga alagad ng sining ang maghain ng bagong luto. Maaaring sa pasimula ay hindi maibigan ng bayan ang bagong pagkaing idinudulot sa kanya. Talagang ganyan! Sa hindi dating kumakain ng *keso de bola*, ito'y lasang sabon. Bayaan mo siyang mahirati at hanapin niya ang bagay na iyan tuwing magugunita niya ang tinapay.

Ang uban sa pagsulat—sa  
*(Nasa d. 26 ang karugtong)*

**MARAHIL . . .**

(*Karugtong ng nasa d. 16*)  
ng siudad at boong lakas na isigaw saka ipagsyal sa mga lansangan sa lahat ng dako na kasaliw, ang mus'kong bumbeng ang "Mabuhay ang Kampeon! Mabuhay!"

Sa ikapagtatagumpay ng pagdiriwang ay hinihilang din namin na hanggang maaga'y lumikha ng tinatawag namang "championship board" at ito'y sa karangalan ng mga apo ni Lolo Palagtas na bukod sa mga mangangatha na'y mga boksinero pa pala!

Kung ang kahilingang ito'y gagawin at magagawa naman kung talagang pagsisikawan ay hindi malayong ang panitikang Tagalog ay magkaroon din ng mga Jack Dempsey, Benny Leonard, Pancho Villa, Bobby Jones, Bill Tilden at marami pa.

**BUHAY AT SINING**

Ang buhay at ang sining ay dalawang bagay na magkalayong magkalapit. Ganyan humigit-kumulang ang palagay namin. Samantalang ang una ay ugat ang huli naman ay tanging "elementong" pangpalusog sa una. Ito na rin marahil ang dahilan kung bakit hindi namin malaman kung alin sa dalawa ang mahalaga para sa mga kaisipang salasa! bid at buholbuhol ngayong nakikita natin.

Mayroong nagpapalagay na ang sining ay pagtaliwakas sa buhay (*escape*). Mayroon ding nagpapalagay na iyan ay matapat na larawan ng buhay (*imitation*). Ang malaking bahagi ng ating mga mangangatha ay mahahati sa dalawang paninindigang iyan sa kaysayan ng literatura.

Yaong mga naniniwala sa kasanahan at pilosopiang pagtaliwakas sa buhay ang sining ay walang nākikitung kaliwanagan sa mga sandali ng kanilang paglikha maliban sa kagandahan pamana ng pinag-kabibhasnan, ng mga banal na angel sa langit, ng relihion, ng moralidad, ng kabutihan at lahat ng bagay na hindi nagagawa ng tao. At bilang bunga ng matayog ngu-

ni't di maselang na "imahinasion" ay nakalilikha ng mga tauhan o mga tautauhang ni sa langit at sa lupa'y hindi maaaring mabuhay sapagka't lampas sa kaganapan at kabutihan kung mabuti at sa kamaaan kung masama.

Yaon namang mga naniniwala sa kasabihang matapat o ganap na larawan ng buhay ang sining ay hindi nagkakamali sa palagay namin subali't nalilihis lamang ng landas sa dahilang lahat na ng nangyayari sa buhay (kahit na taal na kamunduhan lamang ng taong-hayop) ay buong kaganapang nailalarawan sa pandamig ng mga mangbabasa. Sa mga ito'y wala kaming nababa-naagang munting hangad man lamang na nagpapakilalang sa iisang kabuuhan ng tao'y magkasama ang tinatawag na laman at kaluluwa.

Samantalang ang una sa palagay nami'y nagtataglay ng labis na tendensia, ang ikalawa ay nagaangkin (dito ang katagang "nagaangkin" ay walang timbang) ng "ganap na kawalan ng tendensia."

Ang tunay na sining sa palagay namin ay pagbibigay kahalagahan lamang sa buhay (*interpretation*) sapagka't hindi ganap na larawan ng buhay (*imitation*) ni hindi rin pagtaliwakas dito (*escape*). At ang tinatawag na pagtibigay kahalagahan sa palagay nami'y mapagtatagumpayan kahit na naga ang isang manunulat ay di nagkaroon ng malaking kapahamakan sa buhay na makapagbasa ng mga aklat na may kinalaman sa pagpapalawak ng panglusa kung gagamitan lamang ng tinatpawag na "sentido komun" at wastong pagtitimbang-timbang.

**KRITIKO LABAN SA SARILI**

Kamakailan ay pinuna ni G. Jose Maria Rivera na lalong malaki ang kinabukasan kaysa pinagdaanan ang mga kritikong may gatas pasa mga labi. Hinahangaan namin si G. Rivera sa matalino (?) niyang puna.

Datapuwa't ang hindi namin mawatasan ay ang maliwanag na

paglunod ng kanyang kaluluwa sa sariling diwang nagtatangkang lumangoy upang makasapit sa dampasigan ng kaligtasan.

Tanggapin nang masama ang mga kritiko kung kaya hindi dapat panatilihin sa panitikang pinakamamahal ng lahat, ay ano naman kaya ang matuwid ni G. Rivera na punahin pa niya ang mga pagkakamaling madalas gawin ng mga manunulat sa Tagalog? Hindi baga ang mga pagkakamaling pinupuna ang siyang pinupuna rin ng mga mamumuna niyang pinupuna?

Ibig bagang sabihin ng kapatid na matandang ito ng mga kritiko na ipaubaya na lamang sa kanya ang karapatan at kalayaan sa pamumuna?

Kung ito nga ang tunay na kaisipan ng aming marangal na istoriador, ngayon pa'y hihilangin na namin sa lahat ng mga kritiko at mga kritikastro na magsitigil na sila sa kanilang pinakakamatayang tungkulin at ipaubaya na lamang kay G. Rivera ang madawag na landas.

**ANG PAMUMUNA . . .**

(*Karugtong ng nasa d. 23*)

maling ng katagang ngayon, na nangangahulugang tiempo presente nguni, ang nahumaling ay tiempo pasado! Tangi sa rito, ang katagang nahumaling, sangayon sa pagkagamit ni G. Rivera, ay may masamang kahulungan, o kung hindi man masama, sapagka't inaakala kong si G. Rivera ay isang napakamaginoong tao upang maghaya ng gayong kahulungan, ay hindi tumpak. Ang katagang yao'y tumpak lamang KUNG bulag o walang kakatuw'kutuwiran ang pagyakap ng isang tao sa bagay na kanyang napili. Nguni't ang pamumuna ngayon ng mga kritiko, kung pagaaralang mabuti at susuriin nang hanggang sa kaibutan ng mga bagay at pangyayari, at hindi yaong pasapyaw-sapay lamang na pawang hulang-papikit, ay likha ng mga buktot na

(*Nasa kabilang karugtong*)

August 16, 1936

## KAILANGAN . . .

(Karugtong ng nasa d. 24)

pagtula at sa pakukwento—ay hindi makatutulong sa mga “manunulat” at “makatang” pinalad lamang na kapitan ng ganitong taguri. “*Sixty years of stupidity will not make one intelligent*”, ang wika ni Gautier. Ang masasabi ko nama'y ganito: Ang kamangmangan, maging isang kamalig man ito'y kamangmangan din—at lalong masama! At samantalang ang ating mga rebista at pahayaga'y hindi nagsasawa sa paglalathala ng mga akda at tulang walang ipinakikita kundi ang mga bagay na naipakita na, walang kinukundiman kundi ang mga bagay na nakundiman na, ang kamangmangan ng bayan ay hindi mapapawi kundi lalala pa: ang sinning ng pagsulat ay hindi uunlad kundi makukuba lamang sa katandaan. hanggang sa sapat nito ang pinakapangit sa lahat nang uri ng kamatayan.

## ANG NAPAKADALAS NA PAGSULAT

Ang mga manunulat at makan-ta'y dapat lamang sumulat kung sila'y may nararamdamang diwang nagpupumilit humanap ng anyo at kagandahan. Lahat nang dakilang *obra* sa musika, sa literatura at maging sa pagguhit ay makapangyarihang udoyok ng makapangyarihang pagnanais na kumatha at lumikha. Ang pagsulat ng nobela, tula at kwentong pilit at masuyong tumatapik sa balikat ng mga karaniwang mangbabasa'y bayaan na ninyong tungkulina lamang ng mga “manunulat” at “makatang” popular at ng mga *seriestas eternos*. Iyan lamang naman ang maaaring gawin ng mga taong iyan: ang sumulat ng mga akda at tulang humahakbang na kasabay ng katangahan ng mga karaniwang mangbabasa: sapagka't wala silang nababatid na hihigit pa kaysa karanivan.

Huwag kayong susulat nang napakadalas. Samantalang walang

mabuting guro kundi ang pagsulat na rin, ang lubha namang madalas na pagsulat ay dapat lamang gawin ng mga taong may baliw na pagnanasang hagdanin ang literatura sa pagyaman, at sa ganyang mga tao, ang sinning ay walang napapala, walang nahihiita—sa lahat nang panahon!

“So much writing means much poorer writing”, ang wika ni Esenwein. At iya'y tumpak na palagay: hinahapo ng napakadalas na pagsulat ang sinutlang pakpak ng damdaming makasining. Ang literatura'y palahanap. Hindi katulad ng gawain ng kontador. Iyan ang isa sa mga lihim ng arte at isa sa mga ikinadada-kila nito: pihikan at mayamutin sa padaskoldaskol na pagdama ng mga malalakas ang loob.

Ang kalikasa'y maaari nating makunan ng halimbawa: isa man sa tatlong puso ng mais na nasa isang puno ay hindi maaaring maging malaki.

At sapagka't ang sinning ng pagsulat ay likas ngang mahiwaga at mapunahin, kaya ang sabi pa ni Esenwein ay ganito: “*Wise is the writer who awaits the hour of full coming before attempting to write...*” (Matalino ang manunulat na naghihintay sa pagdating ng ganap na damdamin bago subuking sumulat.) Paano'y ang pagsulat ng kwento, tula at nobela ay *arte*—hindi pagbubuhat lamang ng mabibigat na bagay. Ang pagsulat ng tula, kwento at nobela ay dapat damdamin, hindi dapat isipin lamang. Ang mga nahihilig sa literatura'y dapat magising sa katotohang ito bago mahuli ang lahat. Ang pagbabago (at sa kabutihan) huli ma'y mabuting hindi palak kaysa pananatili sa kamalian.

Iyang mga unang sumusulat ng kwento at pagkatapos ay ipaaangkan sa kanilang mga anak upang matanyag ito; ang mga “nobelista” gayong bahagya nang nakauunawa ng Inggles ay nag-

## ANG PAMUMUNA . . .

(Karugtong ng nasa d. 25)

katiwaliang nangyayari sa ating ilang pahayagan at lingguhan, ng mga manentimos at nakaduduwal na kathang salat na salat sa tinatawag na “psychological maturity”, sa kababawan ng pagiisip ng mga mangangatha (ang karamihan n'to), sa kawalan ng tinatawag sa Pranses na *élan vital*, at ang kakitiran ng pagiisip ng ilan nating patnugot na ayaw masasabing sila'y mali sa gayon at ganitong gawain, at sa mas'dhing pagnaan's na sambahin, mapatanyag at lumikom ng mga papuri ng mga mulala at munggal, na tila baga ang ipinagiging paham na manunulat ng isang tao ay nasasalig sa kantayagang pangkasalukuyan, ga-yaong hindi mangmang na mangbabasa ang humahitol sa katha ng isang manunulat kundi ang ilang mga may mataas na pinagaralan at dalubhasa sa bagay na kanilang pinuna o pinupuna.

(itutuloy)

---

sasalin sa wikang Tagalog ng katha sa wika ni Shakespeare, ay hindi ko pinagpapayuhang huwag susulat nang napakadalas. Wala nang pagasang mailigtas pa ang mga taong iyan!

Tungkol naman sa tula' ay heto ang matatag na wika ni Marguerite Wilkinson: “*NOBODY can be 'writing poems all day and EVERY DAY. And that is true.'*” Sinabi ni Wilkinson na wala sino mang makasusulat ng tula sa boong maghapon at sa ARAW-ARAW, na, ang tulang tinutukoy niya'y ang tunay na tula sa tunay na kahulugan nito. Si Oscar Wilde ang aking sisipiin: ‘*No poet sings because he must sing. At least no great poet does. A great poet sings because he chooses to sing. It is so NOW, and it has ALWAYS BEEN.*’

(itutuloy)

# ILOKO

**I**DI sinuratan ni Moliere ti "Tartuffe" saan a mabilang dagiti dakes a babalaw kenkuana. Intedda amin a "ngiwatda" kenkuana: a na-gang-angawanna ti langit ken simbaan ta awan ti pammatina iti Dios?

Kas iti kaadu dagiti nangbabalaw ken Moliere, kasta met ngata ti kaadu ti nangbabalaw

MAIPALAGIP DA  
KEATS KEN MOLIERE

ken ni Keats idi sinuratan-na ti "Endymion" idi

1819. Ngem, numan pay saan a nasayaat dagidi pammabalawda kenkuana, nakaisuro iti dakkel ta ammonan ti nagan-annad.

Ita, dagiti nabablaw a pagbasaan da Keats ken Moliere, bigbigenen ti sangalubongan ti kasayaatda.

Idi insailoko ni Leon C. Pichay ti Maudi A Pakada! ni Rizal, adda timmakder nga agkuna a saan a nasayaat ti pannakaiyulogna.

Kas iti napadasan da Keats ken Moliere—a saan laeng a ti sinuratanda ti nabablaw ngem ti pay kinataoda—kasta met kadatay ita.

Saanmi nga ammo no ania ti sawenmi.

Wanno urayentay met ti sangagasut a tawen tapno makitatayton ti napudpudno a pateg dagiti aramidtayo kadagitoy nga aldaw?

Ngem ita maisardengsan ti riri?

**A**GPAPAN ita saan pay laeng a nasayaat ti urnosda idiy America del Sur, kalpasan dagiti gubgubat itay nabiit. Uray idiy Estados Unidos adu dagiti pakalasinan iti tumobtubo a "cumanismo". Itay nabiit nagdanag unay dagiti agtuturay iti panakadlawda kadagiti tik-tik wanno "espio" a nziwaraswaras kadagiti yan dagiti palimedda a salaknib ti pagilian.

Saan pay unay nabayag ti panangpapatayda kadagiti agtuturay idiy Japon. Idiy China manarimaan ti riribuk ita. Ti Rusia saan

AGGORIGOR  
TOY LUBONG

a makaidna nga agpadpa-daan iti gubat. Ti Canada, ti Australia—agururayda iti kanito. Ti Italia ina-gawna ti Ethiopia iti sango ti sangalubongan. Ti Francia napleng iti laaw ti Alemania. Ti India batibaten nga agpampunot no ania ti aramidenna. Ti Inglaterra umalimbasag a dina ammo na ania ti pagagasn, ket nangilasin iti \$780,000,000 a pagpabangon iti "armada" a pangtaleb iti Oriente tapno di ramramsen ti Japon.

Ti Espana madama nga agam-ammangaw, patay ditoy, patay idiy. Agtitinnagbatdan nga agkidkidem, puoranda dagiti simbaan, ibelengda dagiti ladawan ti Dios . . . "revolucion" nya awan patinggana!

Uray pay ti Pilipinas, amangan ket di no rim-iten ti Japon, kastaunayen ti sagsagana ni Quezon ken ni McArthur. Pusotenyon dagiti addiyo ket ipabaklayyo metten dagitay paltog a kayo.

**PINAPATAY** ni Francis Ferdinand ti nablangatan a prinsepe ti Austria ket naggugubat ti sangalubongan. Riniwriwriw ti natnatay, tagtagibi, maladaga, masaksakit ken daduma pay, gapu kenkuana. Ngem idiy ilina, adun dagiti mangikalkalikagum iti panakabangon ti "monumentona".

Gapu ken ni Asedillo adu ti natnatay nga awan ti basbasolna; ngem adu metten dagiti kailianna a mayat a mang-isagut iti "monumento" kenkuana. Uray dagiti saanna a kakailian adu ti agkunkuna nga awan ti nakabasolanna no di laeng ti ayatna a mangbangon iti kabukbukodanna a turay agsipud iti kdares ti agdama a turaytayo?

Ngem itay linasat da Calvo ken Arnais ti nagbaetan ti Manila ken Madrid, ket ingasanggasatda ti biagda, agsipud laeng iti ayatda a mangibalangat iti Dayaw iti ilida, awan mapanunottayo nga isagut kadakuada. Saan nga inanamunyan ni Quezon ti ₱25,000 a maisagut kuma kadakuada.

# LITAO-ARI ITI TAAW

**N**O AGAGAW-AGAWEN ti lawag ken sipnget iti malem, ket agdakdaklis dagiti Ilokano iti igid ti baybay, kunä dagiti lallakay nga ilalaaw: "wei, daydiyayen tay litao, ari 'ti taaw," ket itudoda ti balawlaw a pagsabatan ti baybay ken langit. Ngem uray dagiti lallakay nga agkunkuna a makakitita saan nga agpapada ti panangisaritada iti *litao*. Kuna ti dadduma, a ti litao lalay a bassit, nga ikan ti guddua ti bagina, ket agluglugar iti pasagad idiy rabaw ti taaw, a guyguyoden dagiti bilbillit a saan nga agdisso dagiti sakada. Sabali met ti pamanunotan ti dadduma ti ikan kano ngem ulo ti tao ti ulona.

Idiy Bolinao, dagiti mangngalap, masansan a makikitada ngem ikan a nagaritos iti songona. Mabalin nga agpaisu daytoy ta kadagidi tawen a panagturay ni Catalina Magno idiy Rusia, pagayatda idi nga ik-ikkan dagiti ikan iti aritosda, ipatalawda idiy baybay, ket no siassinonto ti makatiliw kadagitoy magungunaanto iti agkakapateg a sagsagut.

Idiy Kailokoan, babaen ti pammatida, pasaray kano sumanglad no dumakkeli ti bulan, ket no adda makakita kenkuana an-anusanda a birbirukento iti sumono a bigat dagiti naregreg a buokna. Ta ti buok ni "Ari Litao" nagasat kan unay a gingenammolmo no inka agala iti ikan. Sumagmamano pay dagiti agkunkuna a masansan nga agtangtangguyob iti tengnga ti rabii, no ayabann a bilangen dagiti ikan nga iturayanna. Ipala zipna ti maysa a sarita idiy Yen, China, a yan ti maysa a danaw a managan Lu Cha,<sup>1</sup> ket iti tukotna agtaod ti maysa nga aweng. Pattien dagiti Insik nga adda bannagaw (*dragon*) iti uneg daytoy a danaw, ket ulo ti tao ti ulona.

Daytoy a bannagaw sipsipatenna ti tianna ket isu ti pagtaodan ti aweng a mangmangngedga.

IDIAY BISAYA ti *litao* maysa nga ikan a dakkel ket tao ti guddua ti bagina, ngem naganenda iti *katao*. Ni Isabelo de los Reyes kunana: "Katao en bisayá es, en efecto, un monstruo marino en figura humana de medio cuerpo arriba y repite lo que oye."<sup>12</sup> Ingana ita, nalasbang pay laeng ti lagip dagiti

lallakay iti lakasaritaan ti maysa nga ubing idiy Capiz a nakasarak iti *Lakay a Katao*.<sup>13</sup>

Umat-ataday daytoy, iti *mitología clásica* dagiti Griego, iti panakasarak ni Hercules iti maysa a *Lakay* nga agturay kadagiti dandanum i di birbirukenna dagiti bungbunga a balitok. Daytoy a lakay nagsiksik ti taktkaki a gken saksakana a kasla ikan, ket ti dapanna kasia saka ti pato. Sabali pay a sarita iti Griego isu ti anak da Paseidon ken Amphitrite, a managan Triton,<sup>14</sup> ket ti guddua ti bagina ikan. Kas iti *litao* dagiti Ilokano a mangmangngedz ti taniggyobna, ken kas iti banagaw iti danaw *Lu Cha* idiy China, iti maysi a puro idiy asideg ti Italia adda kan tallo a *sirena* idi ugma, a ti sam-it ti timekda umanayen a mangguyogoy iti rikha dagiti aglaylayag, a manigliawa kadakuada iti taaw nga awan ti igidna. Ngem idi aglasat da Odyseus saanda a naiwawa ta si-nullatanda iti allid ti lapayagda.

Iti pammati dagiti Ilokano ti *litao* isu met laeng it *duyong* wen-no *sirena*, ket masarakan daytoy iti *diccionario* nga inornos ni Hermon P. Williams idi 1907. Iti *zoología* ti *dugong* maysa a kita ti ikan a nayon ti *order sirienia*, a nagtaod iti Java, *duyung*, (cf) Malay, *duyong*.

Iti sarsarita ni Anderseen mai-panggep kadagitoy tattao idiy uneg

ti baybay, mailadawan dagiti innem a babbai nga ikan ti guddua ti bagida, ket adda agturay kada-kuada a dakdakkel a naarkosan iti sangapulo-ket-dua a tirem ti ipusna.

Kuna ni Isabelo de los Reyes: "Conocen el anuto macho del agua, pero con el nombre castellano de Sereno ó del Siukuy Tagalog."<sup>15</sup> Ngem adda met laeng a pammatida ti *litao* babaen ti pagbasaanna: "El nombre de *litaw* (flotante) es mas bien tagalog que ilocano."<sup>16</sup>

Saan nga inanusan a naimbag ni Isabelo de los Reyes ti nangusig iti daytoy, ket salaysayentayo a tanangen ti napudpudno a naugpunganayanna daytoy a balikas. Kadagiti purpuro iti abagatan ti Pilipinas adda uppata kakita ti tattao nga agnaed sadiay. Maysa kadagitoy isu dagiti Litao (wenno Litaos, Lútaos, Lutaya).<sup>17</sup>

Iti libro a sinuratan ni P. Francisco Combes idi 1667, kunana: "Lutaya. Miembros de la antigua nación Lutaya. Derivase la palabra de *lutao*—sobrenadar; sin duda porque los Lutao suelen vivir casi siempre sobre el agua. No es raza especial propiamente dicha. La nación de que tratamos, Malayos mahometanos, ocupaba las costas de la península de Sibguey y las islas de Basilan, Joíó, Paragua meridional, Balabac y Cagayán de Joló. Prodominaron en todo tiempo sobre los Subanos (*gente de los ríos*), a quienes tenían avasallados; hubo época en que fueron casi los dueños de toda la región meridional de Mindanao. De la mezcla de los Lutao con las Subanos han salido los Calibuganes."<sup>18</sup>

NI FERNANDO BLUMENTRITT, kunana a masansan a (*Maituloy iti panid* 35)

# FALCON

GIOVANNI BOCCACCIO

